REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 69

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGLALAGAY NG HINTAYAN AT SAKAYAN (PARADAHAN) NG MGA PAMPASAHERONG BUS SA ILALIM NG ALABANG VIADUCT SA MAY DAKONG HILAGA NA MALAPIT SA BANTAYOG NG KIWANIS CLUB NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng paradahan para sa mga pampasaherong bus upang gamitin bilang piling-lugar na sakayan at babaan ng mga pasahero ay makakabawas ng sikip ng trapiko;

SAPAGKAT, ang kabawasan ng mga sasakyang pampasahero na ginagawang hintayan, sakayan o babaan ang kahabaan ng lansangang-bayan sa ilalim ng Alabang Viaduct ay magbibigay ng maluwag at maayos na daloy ng trapiko sa lugar na ito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at ang Philippine National Construction Corporation ay magkakaroon ng isang kasunduan o kontrata hinggil sa pagkakaroon ng paradahan sa may dakong hilaga sa ilalim ng Alabang Viaduct;

SAPAGKAT, ang pamahalaang bayan ay may karampatang karapatan hinggil sa pipiliing pribadong samahan na maaaring mangasiwa ng paradahan;

SAPAGKAT, ang sisingilin sa mga pampasaherong bus na gagamit ng paradahan ay makatutulong sa pananalapi ng pamahalaang bayan lalong-lalo na sa mabibiyayaan nito, ang Muntinlupa Police Trust Fund;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maningil ng halagang Dalawampu't Limang Piso (₱25.00) bawat biyahe ng pampasaherong bus na gagamit ng nasabing paradahan bilang upa na may karampatang resibo at ang masisingil ay pagbabahaginan sa pamamagitan ng mga sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
| a) | ₱10.00 | .................... | mapupunta sa Pamahalaang Bayan |
| b) | 5.00 | .................... | mapupunta sa Muntinlupa Police Trust Fund |
| k) | 5.00 | .................... | mapupunta sa Philippine National Construction Corporation |
| d) | 5.00 | .................... | mapupunta sa Samahan na mangangasiwa ng paradahan |

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-apatnapung (40th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-22 ng Disyembre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Disyembre 22, 1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan Bilang 69

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G.TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

RRC:vts